

Renew Alameda County:
Ginagawang Abot-Kaya ang Pagpapaayos ng Bahay
Pinopondohan ng Measure A1

Mga Susunod na Hakbang sa Pag-apply

Mga tanong tungkol sa Renew AC? Gusto mo bang humingi ng form para sa Paghiling ng Serbisyo sa iyong wika?

Makipag-ugnayan sa Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley sa (510) 803-3388 o HomeRepair@HabitatEBSV.org.

Home Page

[Renew Alameda County: Ginagawang Abot-Kaya ang Pagpapaayos ng Bahay](#)

[Abot Kamay na ang Abot-Kayang Pagpapaayos](#)

Nakakatulong ang Renew Alameda County (Renew AC) sa mga residente na magsagawa ng mga pagpapaayos sa bahay na kinakailangan para manatili, lumago, at mamuhay sila sa kani-kanilang bahay. Binibigyang-lakas ng Renew AC ang mga homeowner na may mababang kita, gaya ng matatanda at may kapansanan, na maka-access sa mga pautang na abot-kaya, mababa ang interes, at deferred ang pagbabayad para mapondohan nila ang mga pagpapaayos na kailangan para maging ligtas at accessible ang kanilang bahay, at para hindi na nila kailangang umalis sa kani-kanilang tahanan.

[Paano Ako Magiging Kwalipikado?](#)

Maaaring maging kwalipikado ang mga homeowner sa county na mababa ang kita at nangangailangan ng mga pagpapaayos sa bahay para mapabuti ang kanilang kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kalidad ng buhay.

Kabilang sa mga kinakailangan sa programa ang mga sumusunod:

- Nagmamay-ari at nakatira sa isang insured na bahay sa Alameda County
- May taunang kitang hindi lalampas sa 80% ng Area Median Income*
- May mga asset na hindi lalampas sa \$150,000
- Nakakatugon sa mga kinakailangan para makautang na nakatuon sa seguridad ng iyong bahay.
- May loan-to-value ratio na hindi lalampas sa 90% kabilang ang utang sa Renew AC.
- Isa lang ang kasalukuyang lien sa bahay.

Kabilang sa mga kwalipikadong ari-arian ang:

- Mga Single Family Detached na Bahay
- Mga Townhouse
- Mga condominium (mga pagpapaayos lang sa loob)
- Mga ari-ariang may dalawa hanggang apat na unit (limitado ang rehabilitasyon sa unit na okupado ng may-ari, kabilang ang mga pagpapaayos para sa rehabilitasyon ng buong sistema/istruktura)

Tungkol Dito

Ano ang Renew AC?

Binibigyang-lakas ng Renew Alameda County (Renew AC) ang mga homeowner na may mababang kita na manatiling ligtas sa kani-kanilang bahay. Nag-aalok ang programa ng mga pautang na abot kaya, mababa ang interes, at deferred ang pagbabayad sa mga kwalipikadong homeowner. Gagamitin ang mga pautang na ito para sa mga pagpapaayos ng bahay na nakakatulong sa paggawa ng isang ligtas at kumportableng tahanan.

Hatid sa iyo ng Mga Botante ng Alameda County

Ang programang ito ay pinapangasiwaan ng Alameda County, at pinopondohan ng mga tagabayad ng buwis sa Alameda County, na siyang nag-apruba sa Measure A1 Housing Bond noong Nobyembre 2016. Ang programa ay pinapatakbo ng [Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley](#).

Mga Madalas Itanong

Bakit ako lalahok sa Renew AC program?

Kung ipinagpapaliban mo ang mga pagpapaayos sa bahay dahil mukhang masyadong mahal ang mga ito, maaaring makatulong ang Renew AC na maituloy mo ang mga iyon. Sa pamamagitan ng pautang na abot-kaya, mababa ang interes, at deferred ang pagbabayad, makakalikha ka ng mas ligtas at mas kumportableng lugar para sa iyong pamilya.

Mahirap ba at matagal ang paglahok ko sa programa? Bakit hindi na lang ako humingi ng tulong sa ibang nagpapautang, gaya ng bangko?

Makikipagtulungan sa iyo ang mga eksperto mula sa Habitat for Humanity para maging swabe ang karanasan mo. Direktang makikipagtulungan sa iyo ang staff ng Habitat sa lahat ng aspeto ng proseso mo sa pagpapaayos ng bahay. Handa silang tulungan kang ayusin ang dokumento mo sa pag-apply, gabayan ka sa proseso at pag-apruba sa pautang, at bigyan ka ng kumpletong pamamahala sa pagpapagawa. Hindi tulad ng karaniwang pautang sa bangko, makakatanggap ka mula sa Renew AC ng propesyonal na teknikal na tulong sa buong proseso ng pagpapagawa.

Ano ang mga tuntunin sa pautang?

Idinisenyo ang mga pautang ng Renew AC para maibsan ang pinansyal na bigat ng pagpapaayos ng bahay. Ang mga pautang ay:

- mula \$15,000 hanggang \$150,000 depende sa mga pangangailangan mo
- mababa ang interes: 1% ang simple interest rate na maiipon taun-taon, at hindi kailanman lalampas ang kabuuang interes sa 50% ng principal na halagang hiniram
- hindi nangangailangan ng mga pagbabayad para sa tagal na 30 taon. Sa katapusan ng 30 taong Tagal ng Pautang, maaaring pahabain ang pautang nang 30 taon pa, hangga't nasusunod ng homeowner na may mababang kita ang alinman sa mga paunang kinakailangan o tuntunin para maging kwalipikado sa programa.

Sisingilin at dapat bayaran ang pautang bago matapos ang tagal nito kung hindi na ookupahin ng may-ari ang bahay, o kung ililipat ang pagmamay-ari ng bahay sa isang may-aring hindi kwalipikadong ipagpatuloy ang utang.

Maaaring ipagpatuloy ang utang hangga't titirhan ng bagong may-ari ang bahay at ang bagong may-ari ay (1) nabubuhay na joint tenant; (2) asawa o kinakasama ng may-ari na naging may-ari din ng Bahay kasama mo; (3) nabubuhay na asawa o nabubuhay na kinakasama; o (4) asawang naging may-ari bilang resulta ng desisyon sa divorce.

Ang utang ay maaaring ipagpatuloy ng mga nabubuhay na anak at buyer na aprubado ng Program Administrator hangga't titirhan nila ang bahay at matutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na itinakda ng Program Administrator.

Kailangan bang bayaran ng mga anak ko ang utang kapag namatay ako?

Ang utang ay maaaring ipagpatuloy ng mga nabubuhay na anak hangga't titirhan nila ang bahay at matutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na itinakda ng Program Administrator. Hindi kailangang bayaran ang utang, ngunit hindi ito aalisin at patuloy itong magiging lien sa bahay.

Ako ba ang mamimili ng (mga) contractor?

Oo. Kapag natukoy mo na ang mga gagawing trabaho gamit ang pondo mula sa Renew AC, tutukuyin ang mga contractor na maaaring mag-bid sa iyong proyekto. Pinapayagan at hinihikayat kang mag-imbita ng mga lisensyado at bonded na contractor para mag-bid sa proyekto kung nakatanggap ka ng mga personal na rekomendasyon. Susuriin mo ang mga matatanggap na bid at pipili ka ng contractor. Magiging available pa rin ang staff ng Renew AC para sumuporta at sumagot ng anumang tanong na maaaring mayroon ka.

Maaari ba akong manatili sa aking bahay habang nagpapagawa?

Sa karamihan ng mga pagkakataon, may mga ginagawang pagsasaayos para makatira pa rin ang mga residente sa kani-kanilang bahay habang tinatapos ang trabaho. Gayunpaman, maaaring may ilang partikular na proyekto kung saan hindi magiging ligtas ang pagtatrabaho kapag may nakatira sa bahay.

Anong mga uri ng mga pagpapakumpuni ang maaari kong ipagawa? Gaano kalaki ang kontrol ko sa pagpili kung ano ang gusto kong ipagawa?

Binuo ang Renew AC program para tulungan ang mga homeowner na matatanda, may kapansanan, at iba pang homeowner na may mababang kita na tumira nang ligtas sa kani-kanilang bahay, at makaiwas na mawalan ng bahay dahil hindi na accessible sa kanila ang bahay o dahil hindi na maganda ang kundisyon nito. Available ang Renew AC para sa maraming iba't ibang proyekto sa pagpapaayos ng bahay hangga't ang mga ito ay itinuturing na "pagkuha o pagpapaayos ng real property" alinsunod sa Konstitusyon ng California. Nangangahulugan ito na kwalipikado ang mga proyekto kung nagreresulta ang mga ito sa mga lehitimong pag-aayos sa ari-arian, ibig sabihin, nagiging bahagi ng lote o bahay ang mga fixture at materyales sa buong proseso ng pagpapagawa. Hindi kwalipikado ang mga proyekto sa "pagpapakumpuni sa bahay," na itinuturing na mga ordinaryong pagpapakumpuni, maintenance, at supply, habang kwalipikado naman ang mga proyektong may kinalaman sa mahahalagang sistema (gaya ng bubong o pag-rewire ng kuryente mo o pag-upgrade ng iyong electrical panel) at mga bahagi ng bahay.

Kung kwalipikado ka, pupuntahan ka ng isang inspektor mula sa Renew AC sa iyong bahay para talakayin sa iyo kung alin sa mga item na nasa listahan mo ang kwalipikadong mapondohan at gagawa siya ng listahan ng mga kwalipikadong pagpapaayos na maaaring mapondohan ng Renew AC. Kadalasan, maikakategorya sa tatlong malawak na pangkat ang mga pagpapakumpuni sa bahay: Mga Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan, Accessibility, at Rehabilitasyon ng Istruktura.

Sino ang Kwalipikado

Ang Renew Alameda County ay para sa mga homeowner na may mababang kita na nakatira sa alinman sa 20 teritoryong lungsod ng county na nangangailangan ng mga renobasyon para mapabuti ang kanilang kalusugan at kaligtasan sa pananatili sa kanilang bahay. Ang mga kwalipikadong homeowner ay dapat na:

- Nagmamay-ari at nakatira sa isang insured na bahay sa Alameda County
- May taunang kitang hindi lalampas sa 80% ng Area Median Income*
- May mga asset na hindi lalampas sa \$150,000
- Nakakatugon sa mga kinakailangan para makautang na nakatuon sa seguridad ng iyong bahay
- May loan-to-value ratio na hindi lalampas sa 90% kabilang ang utang sa Renew AC
- Isa lang ang kasalukuyang lien sa bahay

Kabilang sa mga kwalipikadong ari-arian ang:

- Mga Single Family Detached na Bahay
- Mga Townhouse
- Mga condominium (mga pagpapaayos lang sa loob)
- Mga ari-ariang may dalawa hanggang apat na unit (limitado ang rehabilitasyon sa unit na okupado ng may-ari, kabilang ang mga pagpapaayos para sa rehabilitasyon ng buong sistema/istruktura)

Mga Kwalipikasyon sa Kita

Hindi dapat lumampas ang kita ng mga aplikante sa isinaad na limitasyon sa taunang kita. Ang limitasyon sa kita ay isang batayan na kinakalkula bawat taon ng US Department of Housing and Urban Development (HUD) na itinakda sa 80% ng Area Median Income ng naturang taon.

Nakadepende ang maximum na kita sa dami ng tao sa iyong sambahayan*. Ang mga kasalukuyang limitasyon sa kita ay:

- 1 tao – \$62,750
- 2 tao – \$71,700
- 3 tao – \$80,650
- 4 na tao – \$89,600

- 5 tao – \$96,800
- 6 na tao – \$103,950
- 7 tao – \$111,150
- 8 tao – \$118,300

*Huwag isama ang mga full-time na caregiver bilang mga miyembro ng iyong sambahayan.

Proseso ng Aplikasyon

1. Magsusumite ang aplikante ng Kahilingang Maserbisyuhan sa pamamagitan ng website na ito, mail, email, fax, telepono, o nang personal para isaad ang kanyang interes na makonsidera sa pautang ng Renew AC.
2. Makikipag-ugnayan sa aplikante ang Renew AC sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo para suriin ang Kahilingan, at magpapadala kami ng sulat para kumpirmahin ang pagtanggap sa kahilingan at para ibalangkas ang mga susunod na hakbang sa proseso ng aplikasyon,
3. Ilimbitahan ang mga aplikanteng makakatugon sa mga paunang kinakailangan ng programa na sumagot ng isang aplikasyon sa programa, at magbigay ng mga backup na dokumento na magsisilbing pruwera ng pagtugon sa mga kinakailangan sa kita, pagkakaroon ng ari-arian, at paninirahan.
4. Sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula noong nakumpleto ang aplikasyon, susuriin ng staff ng Renew AC ang aplikasyon at hihingin nila ang anumang nawawalang dokumento.
5. Kung hindi matanggap ang lahat ng kinakailangang dokumento sa loob ng tatlong (30) araw sa kalendaryo, maaaring tanggihan ang aplikasyon dahil sa kawalan ng aktibidad. Maaaring mag-apply muli ang mga tinanggihang aplikante anumang oras.
6. Kapag natanggap na ang lahat ng dokumento at ang nakumpletong aplikasyon, kukumpletuhin ng staff ng Renew AC ang isang panghuling pagsusuri sa pagiging kwalipikado at tutukuyin nila kung kwalipikado ka o hindi na pautangin ng Renew AC.
7. Pagkatapos, makatanggap ang mga aplikante ng sulat na nagsasaad kung tanggap ba sila o hindi sa pautang. Kung tanggap, kasama sa sulat ang maximum na halaga ng pautang na kwalipikadong matanggap ng aplikante.
8. Ang mga aplikanteng natukoy na kwalipikado ay kailangan pa ring makatanggap ng pag-apruba sa proyekto sa pagpapagawa, kapag naisapinal na ito kasunod ng isang inspeksyon sa bahay ng isang inspektor ng Renew AC.
9. Kapag naaprubahan na ang pagiging kwalipikado ng aplikante para sa pautang, may makikipag-ugnayang inspektor ng Renew AC sa aplikante para mag-iskedyul ng pagbisita sa kanyang bahay.
10. Habang binibisita ang bahay, susuriin ng aplikante at ng inspektor ang anumang pangangailangan sa renobasyon na natukoy ng homeowner, at tatalakayin nila ang mga maaaring gawin para matugunan ang mga iyon. Ang inspektor, na isa ring propesyonal sa larangan ng construction, ay maaaring tumukoy at magrekomenda ng mga dapat kumpunihin hindi natukoy ng aplikante kung may mapapansin siyang anumang napipintong usapin sa kalusugan at kaligtasan.
11. Sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo pagkatapos bisitahin ang bahay, gagawa ang inspektor ng listahang magbabalangkas sa mga pagpapaayos at renobasyon sa bahay na dapat

tapusin, kasama ang tinatayang badyet para makumpleto ang gawain, na aaprubahan naman ng aplikante.

12. Kapag naaprubahan na ng aplikante ang gawaing isasama sa proyekto ng Renew AC, gagawa ng mga dokumento ng pautang ang staff ng Renew AC sa pagitan ng Homeowner at County ng Alameda para ma-secure ang karapatang makuha ang pondo para sa proyekto.
13. Kapag nalagdaan na ng lahat ng kinakailangang partido ang mga dokumentong ito ng pautang, ilalabas ng staff ng Renew AC para sa bid ang listahan ng mga pagpapaayos at renobasyon ng bahay. Maaaring mag-bid sa proyekto ang sinumang contractor na makakatugon sa mga kinakailangan ng County sa pagiging lisensyado, bonded, at insured. Hinihikayat ang aplikanteng mag-imbiba ng mga contractor para mag-bid.
14. Ibabahagi ng staff ng Renew AC sa Aplikante ang lahat ng natanggap na bid, at sasabihin ng Aplikante sa staff kung sinong contractor ang napili niya para sa trabaho.
15. Kapag nakapili na ng contractor, makikipag-ugnayan ang staff ng Renew AC sa contractor para lagdaan ang mga papel at sa homeowner para iiskedyul ang gawain. Direktang papangasiwaan ng staff ng Renew AC ang lahat ng pagbabayad sa mga contractor sa ngalan ng County at ng homeowner.

Bagama't makikipagtulungan ang staff ng Renew AC sa aplikanteng homeowner sa kabuuan ng proseso, ang mismong pautang ay sa pagitan lang ng homeowner at ng Alameda County. Mag-apply anumang oras– Tuluy-tuloy ang pagtanggap sa mga aplikasyon.

Mga Madalas Itanong

Paano ako magiging kwalipikado?

Ang Renew Alameda County ay para sa mga homeowner na may mababang kita na nakatira sa alinman sa 20 teritoryong lungsod ng county na nangangailangan ng mga renobasyon para mapabuti ang kanilang kalusugan at kaligtasan sa pananatili sa kanilang bahay. Ang mga kwalipikadong homeowner ay dapat na:

- Nagmamay-ari at nakatira sa isang insured na bahay sa Alameda County
- May taunang kitang hindi lalampas sa 80% ng Area Median Income*
- Mayroon kang kabuuang mga asset na hindi lalampas sa \$150,000. Hindi kasama sa limitasyon mo sa asset ang halaga ng bahay mo.

Ang limitasyon sa kita ay isang batayan na kinakalkula bawat taon ng US Department of Housing and Urban Development (HUD) na itinakda sa 80% ng Area Median Income ng naturang taon.

Nakadepende ang maximum na kita sa dami ng tao sa iyong sambahayan*. Ang mga kasalukuyang limitasyon sa kita ay:

- 1 tao – \$62,750
- 2 tao – \$71,700
- 3 tao – \$80,650
- 4 na tao – \$89,600

- 5 tao – \$96,800
- 6 na tao – \$103,950
- 7 tao – \$111,150
- 8 tao – \$118,300

*Huwag isama ang mga full-time na caregiver bilang mga miyembro ng iyong sambahayan.

Anong mga uri ng dokumento ang kailangan ko para mag-apply?

Walang kailangang ipasang anumang dokumento para sa Kahilingang Maserbisyuhan. Kung nakumpleto mo na ang Kahilingang Maserbisyuhan at natukoy ng staff ng Renew AC na maaaring kwalipikado ka sa Renew Alameda County program, iimbitahan kang magkumpleto ng aplikasyon sa program, at hihingiin sa iyo ng aplikasyong ito ang mga dokumentong nakalista sa ibaba para ibigay sa staff ng Renew AC. Papatunayan ng mga dokumentong ito kung residente ka at kung kwalipikado ang iyong pinansyal na katayuan.

Mga Kinakailangang Dokumento:

- Mga valid na kopya ng photo ID para sa lahat ng aplikante
- Kopya ng Deed o Property Tax Bill
- Mga kopya ng lahat ng pahina ng kamakailang loan statement para sa lahat ng utang na secured ng bahay mo
- Mga kopya ng kamakailang utility bill bilang patunay ng pagiging residente
- Bagong kopya ng pahina ng Declarations ng Homeowners Insurance Policy, na nagkukumpirma sa valid na tagal ng policy
- Para sa bawat taong edad 18 pataas na ibinilang mong bahagi ng iyong sambahayan at nakatira sa bahay sa loob ng hindi bababa sa 6 na buwan kada taon:
 - Magbigay ng mga pinakabagong income tax return sa loob ng dalawang taon kasama ang lahat ng schedule: W-2 at 1099
 - Dalawang buwang pinakabago at magkasunod na payslip para sa lahat ng pinagkakakitaang trabaho, kabilang ang trabahong on-call, seasonal, pansamantala, o impormal, na magkukumpirma ng kita
 - Mga pinakabagong liham ng benepisyo para sa pinansyal na suporta, hal. SSI, CALWORKS, Cash Aid, unemployment, retirement, SSD, social security award letter (hindi statement), liham ng pensyon, o 1099-R
 - Pinagkakakitaang negosyo, ang huling dalawang taon ng mga tax return kasama ang schedule "C" at mga naaangkop na schedule, na magkukumpirma ng kita
 - Mga kopya ng mga bago at kumpletong statement ng lahat ng bank account (dalawang buwang mga statement para sa bawat account), hal. checking, savings, retirement, pamumuhunan, na gagamitin para malaman kung naabot mo ba ang limitasyon sa asset

- Para sa mga tenant na nakatira sa bahay, kasunduan sa pagrerenta na may lagda ng homeowner at tenant

Kwalipikado ba ako kung nagmamay-ari ako ng mobile na bahay?

Sa kasamaang-palad, hindi kwalipikado sa RENEW AC ang mga mobile na homeowner sa ngayon.

Mga Kwalipikadong Pagpapakumpuni

Binuo ang Renew AC program para tulungan ang mga homeowner na matatanda, may kapansanan, at iba pang homeowner na may mababang kita na tumira nang ligtas sa kani-kanilang bahay, at makaiwas na mawalan ng bahay dahil hindi na accessible sa kanila ang bahay o dahil hindi na maganda ang kondisyon nito. Available ang Renew AC para sa maraming iba't ibang proyekto sa pagpapaayos ng bahay hangga't ang mga ito ay itinuturing na “pagkuha o pagpapaayos ng real property” alinsunod sa Konstitusyon ng California. Nangangahulugan ito na kwalipikado ang mga proyekto kung nagreresulta ang mga ito sa mga lehitimong pag-aayos sa ari-arian, ibig sabihin, nagiging bahagi ng lote o bahay ang mga fixture at materyales sa buong proseso ng pagpapagawa. Hindi kwalipikado ang mga proyekto sa “pagpapakumpuni sa bahay,” na itinuturing na mga ordinaryong pagpapakumpuni, maintenance, at supply, habang kwalipikado naman ang mga proyektong may kinalaman sa mahahalagang sistema (gaya ng bubong o pag-rewire ng kuryente mo o pag-upgrade ng iyong electrical panel) at mga bahagi ng bahay.

Kung kwalipikado ka, pupuntahan ka ng isang inspektor mula sa Renew AC sa iyong bahay para talakayin sa iyo kung alin sa mga item na nasa listahan mo ang kwalipikadong mapondohan at gagawa siya ng listahan ng mga kwalipikadong pagpapaayos na maaaring mapondohan ng Renew AC. Kadalasan, maikakategorya sa tatlong malawak na pangkat ang mga pagpapakumpuni sa bahay: Mga Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan, Accessibility, at Rehabilitasyon ng Istruktura.

Mga Rehabilitasyon sa Istruktura

Kung nangangailangan ng mga malawakang renobasyon ang iyong bahay para mapanatili itong matibay, maaaring makatulong ang Renew AC. Maaari ding pondohan ng Renew AC ang mga pagbabago sa bahay gaya ng:

- Mga pagpapaayos para sa rehabilitasyon ng buong sistema/istruktura (hal. bubong, seismic, pundasyon, drainage ng bahay, pagpapapintura sa labas)
- Pagpapalit ng bubong at alulod
- Pagpapatibay laban sa lindol, mga pagpapakumpuni ng pundasyon, at iba pang isyu sa istruktura
- Pag-restore ng pader sa labas at pagpapapintura sa labas
- Insulation and Proteksyon Laban sa Ulan, Hangin, at Sikat ng Araw
- Mga pagpapaayos ng electrical at plumbing system
- Mga Pagpapaayos sa Drainage ng Ari-arian
- Paggawa ng Accessory Dwelling Unit (ADU) sa loob ng isang Kasalukuyang
- Tirahan o sa loob ng isang Kasalukuyang Accessory Structure o Paggawa ng Junior-ADU (JADU) na nasa isang kasalukuyang espasyo sa loob ng bahay, o pag-convert ng ilegal na unit sa isang legal na ADU/JADU (Tingnan ang Subsection E sa ibaba para sa mga partikular na kinakailangan).

Mga Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan

Sa paglipas ng panahon, maaaring magkaroon ng mga hindi ligtas na kondisyon ang mga bahay. . Maaaring magamit ang mga pautang ng Renew AC para maitama ang mga kondisyong ito sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng:

- Pagsasaayos sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan, mga problemang may agarang epektong pangkalusugan, o mga napipinto o kasalukuyang paglabag sa code
- Mga pangangailangan sa pagpapakumpuni gaya ng pagpapalit ng sirang hagdanan para sa ligtas ng pag-akyat/pagbaba, o iba pang kwalipikadong pagpapaayos
- Pagpapalit ng hindi ligtas na sahig
- Mga pagpapaayos sa Kusina at Banyo para sa Kalusugan at Kaligtasan (hal. mainit/malamig na tubig, sapat na bentilasyon, sapat na ilaw, pag-aalis ng amag at pinsalang dala ng tubig, pagtiyak na may kumpletong pasilidad para sa paliligo/sanitasyon sa bawat tirahan)
- Pagreremedyo sa Pinsalang Dala ng Pinturang may Lead

Accessibility

Ang bahay mo ang pundasyon ng iyong kalusugan. Retirado ka mang matanda o single parent na nagpapalaki ng mga bata, kumportable at ligtas dapat ang iyong bahay araw-araw, ngayon at sa hinaharap. Kabilang sa mga halimbawa ng gawaing nagpapahusay sa kakayahan ng isang residenteng tumira nang kumportable sa kanyang bahay ang mga sumusunod:

- Pagsasaayos sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan, mga problemang may agarang epektong pangkalusugan, o mga napipinto o kasalukuyang paglabag sa code
- Pag-convert sa mga bathtub para gawing mga accessible na shower unit
- Pinalawak na mga pasilyo
- Pagkakabit ng rampahan
- Pag-aalis ng mga doorknob para palitan ng mga lever handle knob, paglalagay ng mga hawakan, atbp.

Mga Madalas Itanong

Kailangan ko bang malaman kung ano ang mga eksaktong dapat kong ipagawa at kung magkano ang mga ito?

Hindi na! Alam na ng karamihan sa mga taong nag-a-apply ang mga gusto nilang gawing pagbabago sa kani-kanilang bahay, gaya ng “mas mabilis na access sa banyo para sa aking wheelchair” o “pag-ayos sa tumutulong bubong at pagtiyak na mananatiling mainit sa loob ng bahay tuwing taglamig.” Kapag nalamang natutugunan mo ang mga kinakailangan ng program, magtatakda ng appointment ang ekspertong staff ng inspeksyon mula sa Habitat para makipagkita sa iyo sa bahay mo. Sa inspeksyong ito, magtutulungan kayo para makagawa ng naaangkop na Saklaw ng Gawain na makakatugon sa iyong mga isyu.

Anong mga uri ng mga gawain ang maaari kong ipagawa? Gaano kalaki ang kontrol ko sa pagpili kung ano ang gusto kong ipagawa?

Binuo ang Renew AC program para tulungan ang mga homeowner na matatanda, may kapansanan, at iba pang homeowner na may mababang kita na tumira nang ligtas sa kani-kanilang bahay, at makaiwas na mawalan ng bahay dahil hindi na accessible sa kanila ang bahay o dahil hindi na maganda ang kundisyon nito. Available ang Renew AC para sa maraming iba't ibang proyekto sa pagpapaayos ng bahay hangga't ang mga ito ay itinuturing na “pagkuha o pagpapaayos ng real property” alinsunod sa Konstitusyon ng California. Nangangahulugan ito na kwalipikado ang mga proyekto kung nagreresulta ang mga ito sa mga lehitimong pag-aayos sa ari-arian, ibig sabihin, nagiging bahagi ng lote o bahay ang mga fixture at materyales sa buong proseso ng pagpapagawa. Hindi kwalipikado ang mga proyekto sa “pagpapakumpuni sa bahay,” na itinuturing na mga ordinaryong pagpapakumpuni, maintenance, at supply, habang kwalipikado naman ang mga proyektong may kinalaman sa mahahalagang sistema (gaya ng bubong o pag-rewire ng kuryente mo o pag-upgrade ng iyong electrical panel) at mga bahagi ng bahay.

Kung kwalipikado ka, pupuntahan ka ng isang inspektor mula sa Renew AC sa iyong bahay para talakayin sa iyo kung alin sa mga item na nasa listahan mo ang kwalipikadong mapondohan at gagawa siya ng listahan ng mga kwalipikadong pagpapaayos na maaaring mapondohan ng Renew AC. Kadalasan, maikakategorya sa tatlong malawak na pangkat ang mga pagpapakumpuni sa bahay: Mga Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan, Accessibility, at Rehabilitasyon ng Istruktura.

Maaari ba akong manatili sa aking bahay habang nagpapagawa?

Sa karamihan ng mga pagkakataon, may mga ginagawang pagsasaayos para makatira pa rin ang mga residente sa kani-kanilang bahay habang tinatapos ang trabaho. Gayunpaman, maaaring may ilang partikular na proyekto kung saan hindi magiging ligtas ang pagtatrabaho kapag may nakatira sa bahay.

Do I get to pick the construction vendor(s)?

Yes. Once you have settled on the work to be performed using Renew AC funds, contractors who can offer bids on your project will be identified. You are welcomed and encouraged to invite licensed, bonded contractors to bid on the project if you've received personal recommendations. You will review the bids received and select a contractor. Renew AC staff will be available for to provide support and to answer any questions you may have.

Paano kung kailangan kong lumipat sa isang nursing home?

Kung may paunang pahintulot, maaaring tumira ang homeowner sa labas ng ari-arian sa loob ng hanggang isang taon para sa mga serbisyong may kinalaman sa kalusugan, gaya ng pansamantalang pagtira sa isang nursing home, nang hindi nangangailangang magbayad ng utang.

Mga Mapagkukunan

Renew Alameda County

Mag-access ng napi-print na impormasyon, kabilang ang napi-print na aplikasyon at mga flyer ng RENEW program para maibahagi sa mga kapamilya at kaibigan.

[Napi-print na PDF ng Kahilingang Maserbisyuhan](#)

[Mga Patakaran sa Pagpapatupad](#)

Iba Pang Mapagkukunan

Iba pang lokal na ahensyang nag-aalok ng mga programa sa pagpapakumpuni ng bahay:

- [Minor Home Repair Program ng Alameda County Healthy Homes Department](#)
- [Senior and Disabled Home Rehabilitation Loan Program ng Lungsod ng Berkeley](#)
- [Mga Programa sa Pagpapakumpuni ng Bahay ng Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley](#) na naglilingkod sa maraming iba't ibang lungsod sa mga county ng Alameda, Contra Costa, at Santa Clara
- Nagsasagawa ng mga maliitang trabaho ang Rebuilding Together sa kani-kanilang lokal na organisasyon sa [Oakland](#) at [East Bay – North](#)
- May mga programa ang [Community Energy Services Corporation](#) sa Berkeley, Antioch, at Contra Costa

Maaaring maging interesado ka rin sa:

- [Mga Pang-adult at Pang-senior na Serbisyo ng Alameda County](#)
- [Healthy Housing Principles ng National Center for Healthy Housing](#)

Tulong na May Mga Utility:

- [East Bay Municipal Utility District \(EBMUD\)](#)
- [California Alternative Rates for Energy](#)
- [Low-Income Home Energy Assistance Program \(LIHEAP\)](#)
- [Relief for Energy Assistance through Community Help \(REACH\)](#)

Legal na Tulong

- [Bay Area Legal Aid](#)
- [Legal Assistance for Seniors](#)
- [Disability Rights California](#)
- [Housing and Economic Rights Advocates \(HERA\)](#)
- [International Institute of the Bay Area](#)

Mga Mapagkukunan ng Pagkain

- [Meals on Wheels ng Alameda County](#)
- [Alameda County Community Food Bank](#)
- [Downtown Oakland Senior Center](#)
- [Spectrum Community Services, Inc.](#)
- [CalFresh \(Mga Food Stamp\)](#)

- [Mercy Brown Bag Program](#)
- [Loaves and Fishes](#)

Suporta sa Transportasyon para sa Mga Senior

- [Oakland Paratransit for the Elderly and Disabled](#)
- [Easy Does It Emergency Services](#)
- [East Bay Paratransit](#)

Footer

<p>Ang Renew AC ay pinapangasiwaan ng Alameda County, at pinopondohan ng mga tagabayad ng buwis sa Alameda County, na siyang nag-apruba sa Measure A1 Housing Bond noong Nobyembre 2016. Ang programa ay pinapatakbo ng Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley. Direktang sasagutin ng staff ng Habitat ang lahat ng tanong sa Renew AC.</p>	
<p>Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley (510) 803-3388</p> <p>Para sa mga serbisyong TTY/TDD, mangyaring tumawag sa: (800) 735-2929</p>	<p>HomeRepair@HabitatEBSV.org</p> <p>Habitat for Humanity East Bay/Silicon Valley 2619 Broadway Oakland, CA 94612</p>